



Australian Government



Mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata at kabataan: impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Huling binago: ika-10 ng Enero 2022

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay aprobado at rekomendado para sa mga taong may edad 5 taon at mahigit. Makakuha na ngayon ng mga appointment para sa pagkabakuna laban sa COVID-19 ng mga batang may edad 5 taon at mahigit.

Ang Spikevax (Moderna) ay aprobado at rekomendado para sa mga taong may edad 12 taon at mahigit. Kasalukuyang tinatasa kung puwede ito para sa mga batang may edad 6 hanggang 11 taon.

Bakit dapat mabakunahan ang mga bata at kabataan?

Maraming dahilan upang dapat mabakunahan ang mga bata at kabataan laban sa COVID-19, kasama ang:

- nagpoprotekta sa kanila para hindi maimpeksyonan ng COVID-19
- pagkakabawas ng panganib na sila ay magkakasakit, mga magtatagal na side effect o matagalang pagka-COVID
- pagtulong sa kanila na makabalik sa paaralan
- pakikipag-ugnayan muli sa kanilang pamilya at mga kaibigan
- makababalik sila sa mga ginugusto nilang gawin, katulad ng mga isports, pagpunta sa mga konsiyerto pagbiyahe, at
- magiging mas banayad ang pagkalat ng virus sa komunidad.

Ang pagkabakuna laban sa COVID-19 ay nagpoprotekta rin sa kanilang:

- pamilya
- mga kaibigan

- mga kamag-aral, at
- mga kabarkada.

Paano gumagana ang mga bakuna laban sa COVID-19?

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay nagpoprotekta sa mga tao mula sa malubhang pagkakasakit ng COVID-19. Ang mga bakuna ay nagsasanay sa inyong katawan na labanan ang COVID-19 kung malapitan ka nito.

Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay walang sangkap na buhay na virus at hindi ito nakakapagbigay sa iyo ng COVID-19.

Ano ang inaasahang mangyari pagkatapos ng kanilang pagkabakuna

Ang bakuna ay magsimulang magprotektar sa mga tao laban sa COVID-19 sa may 2 o 3 linggo pagkatapos ng unang dosis.

Kaya mahalaga na ang inyong anak ay patuloy na maging ligtas at:

- ugaliing maging malinis, katulad ng paghuhugas ng mga kamay
- may 1.5 metrong agwatan sa ibang tao
- sundin ang mga limitasyon sa bilang ng tao sa mga pampublikong pagtitipon, at
- alamin kung kailan at paano magbubukod kung kailangan.

Mayroon ba itong mga side effect?

Maaaring makakaranas ang inyong anak ng ilang mga side effect pagkatapos mabakunahan. Karamihan sa mga side effect ay hindi magtatagal ng ilang araw, at manunumbalik ang kalusugan na walang problema. Kabilang sa mga pangkaraniwang reaksiyon ng pagkabakuna ay:

- makirot na braso
- banayad na lagnat
- sakit ng ulo.

Kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa mga sintomas ng inyong anak, maaari kang makakuha ng dagdag na impormasyon sa www.health.gov.au o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080**. Para sa mga serbisyo ng pag-iinterpretar, tumawag sa **131 450** at humingi sa National Coronavirus Helpline.

Maaari mong pag-usapan ang anumang mga pag-aalala o tanong tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 sa inyong doktor o propesyonal na tagapag-alaga ng kalusugan bago mabakunahan ang inyong anak.

Anong bakuna ang ibibigay sa aking anak?

Mayroon mga pagkakaiba ng mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang may edad 5 hanggang 11 taon at para sa mga taong may edad 12 taon at mahigit.

Ang mga batang may edad 5 hanggang 11 taon ay mababakunahan ng 2 dosis, 8 linggo ang pagitan. Ito ay maaaring maigsiang pagitan sa 3 linggo kung may mga natatanging dahilan. Ang dosis para sa mga bata na may edad 5 hanggang 11 taon ay isa sa ikatlo kumpara sa dosis ng mga taong may edad 12 taon at mahigit.

Ang mga batang may edad 12 taon at mahigit ay mababakunahan ng 2 dosis, 3 hanggang 6 na linggo ang pagitan.

Tandaan ang kanilang ikalawang appointment

Mahalaga na ang inyong anak ay mabakunahan ng dalawang dosis, dahil ang ikalawang dosis ay magbibigay ng lubos na proteksyon laban sa COVID-19 at nagtitiyak na ang proteksyon ay magtatagal.

Pagpapayag

Ang mga magulang ay maaaring tanungin na pumayag sa pagkabakuna ng kanilang anak.

Sa pangkalahatan, ang magulang o legal na taga-bantay ng bata ay may awtoridad na pumayag sa pagkabakuna ng bata. Sa ilang mga estado at teritoryo, ang mga mas matandang kabataan ay maaaring makapagbigay ng kanilang pagpapayag.

Ang bakuna laban sa COVID-19 ng inyong anak ay maitala sa kanilang Immunisation History Statement. Kung ang inyong anak ay may edad na 14 taon o mahigit, hindi mo na makita ang kanilang Australian Immunisation Record dahil sa mga pangpribadong dahilan. Maaari mong makuha ang kanilang immunisation history statement kung sila ay magbigay ng pagpapayag. May karagdagang impormasyon na makuha sa pamamagitan ng Services Australia <https://www.servicesaustralia.gov.au/how-to-get-immunisation-history-statement>

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, bumisita sa www.health.gov.au/covid19-vaccines-languages o tumawag sa National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080**. Para sa mga serbisyo ng pag-iinterpretar, tumawag sa **131 450** at magpatulong sa National Coronavirus Helpline.